

## ● Distrito ng Zhongshan / Lin Mong-Na, Liu Hwa-Tseng –Ang Pambansang Araw ng Indonesia

Oktubre 10 ang Pambansang Araw ng Taiwan. Ang Pambansang Araw ng Indonesia naman ay sa Agosto 17 at ito rin ay araw ng kaarawan ng aking ama. Kung minsan tuwing kaarawan ni Itay, dinadala siya ng aking ina sa Opisina ng Embahada ng Indonesia upang kumain ng libreng tanghalian. Ang Embahada ay naghahanda ng madaming lutuing Indonesia. Sina Itay at Inay ay kumakain nang masayang-masaya. Hindi ko mapigilan ang tumikim ng isang kagat, masarap ngunit tutoong napakaanghang! Si Itay ay mukhang Indonesian, kapag pumupunta sa Indonesia ay laging napagkakamalan na si Inay ay taga-Taiwan na nag-asawa ng lalaking taga-Indonesia.

Tuwing Pambansang Araw sa Indonesia, ang bawat komunidad ay nagsasagawa ng mga paligsahan tulad nang tug-of-war, paligsahan sa pagkain, paglaro ng mga holen, pagtatalon sa sako ng bigas, pag-akyat sa puno ng nganga at marami pang iba. Ang sabi ng Inay, ang pagtatalon sa sako ng bigas at ang paglaro ng mga holen ang pinakababagay sa mga bata. Sa pagtatalon sa sako ng bigas, kailangang maghanda ng sako. Ipapasok ng mga taong kasali sa paglalaro ang kanilang paa sa loob ng sako, hihilahin ang sako hanggang sa may taas ng baywang at gagalaw nang patalon hanggang sa may lugar na katapusan. Ang sinuman na maunang makarating rito ang siyang panalo.

Sa paglalaro ng holen, ang mga taong kasali sa laro ay magkakaroon ng bawat grupo. Ang unang tao sa isang grupo ay kakagat ng kutsara sa bibig. Ilalagay ang holen sa kutsara. Maglalakad nang hindi mahuhulog ang holen sa sahig. Ang holen ay ilalagay sa kutsarang kagat ng mga ibang kasama sa grupo. Ang grupo na pinakamadaling ipagpasa ang holen sa lahat ng kasama sa grupo at umabot sa lugar na paroroonan ay siyang panalo sa laro.

Tila nakakatuwa ang mga larong binanggit ng Inay. Sana may mga ganyang paligsahan rin dito sa Taiwan!